# ANG INYONG PAMANANG HANDOG AY MAKATUTULONG SA AMIN NA IPAGPATULOY ANG AMING MGA GAWAING NAKASASAGIP NG BUHAY NG MARAMING TAO.



MEDECINS SANS FRONTIERES
DOCTORS WITHOUT BORDERS



# Gabay sa Paghahandog ng Pamana

1



## Pag-isipan nang mabuti ang inyong mga kahilingan:

Maglaan ng panahon upang inyong mapag-isipan kung sino at anong mga adhikain ang mahalaga sa inyo. Pagdesisyunan kung sinong mga kamag-anak, kaibigan, at anong mga organisasyon ang nais ninyong maging mga tagapagmana. Ang inyong pamanang handog ay maaaring maging mabisang paraan upang suportahan ang mga adhikaing mahalaga sa inyo sa loob ng matagal na panahon.

2



## Ibahagi ang inyong mga binabalak:

Mahalagang ipagbigay-alam ang inyong desisyon sa inyong mga mahal sa buhay. Maging bukas sa pagbahagi ng inyong mga kahilingan at pag-usapan ang mga dahilan kung bakit iyon ang mga Napili ninyo. Sa ganitong paraan,matitiyak na ang inyong mga intensiyon ay nauunawaan at iginagalang ng mga taong pinakamalapit sa inyo.

3




## Piliin ang inyong pamana:

Pagdesisyunan kung anong klase ng pamana ang nais mong iwan. May ilang mapagpipilian, tulad nito:

- **Pecuniary Gift:** Magtakda ng halaga ng salapi na ibibigay bilang donasyon sa aming organisasyon
- **Residuary Gift:** Mag-iwan ng bahagi, o di kaya'y ipamana ang kabuuan ng inyong ari-arian matapos maibigay ang lahat ng iba pang handog at mabayaran ang lahat ng gastusin.
- **Percentage of Estate:** Magtakda ng porsiyento ng inyong ari-arian na mapupunta sa Doctors Without Borders.





4

## Kumuha ng abogado:

Ipagawa o ipabago ang inyong huling habilin sa isang abogado. Malaki rin ang maitutulong ng isang abogado upang kayo ay magabayan at inyong matiyak na ang pagkakasaad sa inyong mga kahilingan ay tumpak at may bisang legal. Narito ang mga kailangan ninyong malaman upang mapabilang kami sa inyong mga tagapagmana:

**Legal na pangalan:** Medecins Sans Frontieres (HK) Limited
**Address:** 22/F, Pacific Plaza, 410 - 418 Des Voeux Road West, West Point, Hong Kong
**Registration number:** 475540

**Maaari ninyong gamitin ang sumusunod na halimbawa ng pagsasaad ng intensyon:**

"Ibinibigay ko bilang pamana sa Medecins Sans Frontieres (HK) Limited, 22/F, Pacific Plaza, 410 - 418 Des Voeux Road West, West Point, Hong Kong ang halagang [ __________ Peso ($____)] [ _______ % ng natitira sa aking mga ari-arian], na kanilang gagamitin para sa mga mapagkawanggawang layunin."




5

## Maaari kayong makipag-ugnayan sa amin:

Kung kayo ay nakapagdesisyon nang isama ang Doctors Without Borders sa inyong mga tagapagmana, iminumungkahi naming makipag-ugnayan kayo sa amin sa info@apac.msf.org. Isang karangalan para sa amin ang makipag-usap sa inyo ukol sa inyong mga layunin, at magbigay ng anumang impormasyon o suportang maaari ninyong kailanganin sa prosesong ito.

***Ang inyong pamanang handog ay may kapangyarihang makasagip ng mga buhay at maghatid ng pag-asa sa mga komunidad sa iba't ibang bahagi ng mundo. Salamat at naiisip ninyong isangkot ang Doctors Without Borders sa inyong mga pagpaplano para sa inyong mga ari-arian. Kung tayo'y magtutulungan, kaya nating gumawa ng mga pagbabagong mapapakinabangan pa rin ng mga susunod na henerasyon.***